

1 Rice Agritourism, dinedebelop

2 Sa pamamagitan ng *FutureRice Program* ng Philippine Rice Research
3 Institute (PhilRice), sinusubukang gamitin ang potensyal ng “agritourism” sa
4 ginagawang pang-atraksyon na nauukol sa pagpapalay o *Rice Agritourism* sa
5 bansa.

6 Ayon kay Roger F. Barroga, *program leader* ng *FutureRice Program*, ang
7 *FutureRice* ay naglalayon na ihanda ang mga magsasaka at *extension*
8 *workers* sa mga makabagong teknolohiya sa pagsasaka. Nakapaloob sa
9 teknolohiya ng *FutureRice* ang paggamit ng *Clean, Green, Practical, and*
10 *Smart* o *Clean GPS farming*.

11 Ang *Clean GPS* ay nagtataguyod ng mga teknolohiyang napapanahon sa
12 pagsasaka upang matugunan ang iba’t-ibang problema dulot ng *climate*
13 *change* at pagtaas ng presyo ng gasolina na isa sa pangunahing ginagamit sa
14 pagsasaka. Kabilang din dito ang teknolohiyang nakatutulong sa
15 pangangalaga ng ating kalikasan, at mga teknolohiyang makapagbibigay ng
16 mataas na ani at kita para sa mga magsasaka.

17 Kabilang sa mga teknolohiyang nakapaloob sa limang ektaryang bukirin ng
18 *FutureRice* ay ang *Minus One Element Technique (MOET) Calculator*, *Rice*
19 *Crop Manager* - mga kagamitan para matukoy ang pangangailangang
20 sustansiya ng palay; makinarya at *monitoring systems* tulad ng *Field Water*
21 *Monitoring and Control System (FWMCS)* at *Automated Field Monitoring*
22 *Station (AFMS)*. Gumagamit din ang *FutureRice* ng *biogas digester*, isang
23 alternatibong mapagkukuhanan ng gasolina mula sa mga dumi ng hayop.

24
25 Mayroon ding mga nakatanim na *hybrid* na barayti tulad ng Mestiso 19 at 20,
26 mga tradisyonal na barayti, *aromatic rice*, barayti para sa nababahang
27 lugar, at mga barayti mula sa Korea.

28
29 Ang *FutureRice* ay nagbibigay ng kaalaman, karanasan, at kamulatan sa mga
30 magsasaka at *extension workers* sa pamamagitan ng mga pagsasanay,
31 pagbisita sa bukid, at mga kaganapan sa pagsasaka.

32
33 Ngayong taon, sa pakikipagtulungan ng *FutureRice* at *Project IPaD*
34 (*Improving Technology Promotion and Delivery through Capability*
35 *Enhancement of Next-Gen Rice Extension Professionals and Other*
36 *Intermediaries*), nadebelop ang *rice boot camp* kung saan ginanap ang
37 pagsasanay ng *25 Agridocs* o *Agricultural Development Officers*.

38
39 Sa kabila ng 3 hanggang 5 oras na byahe mula sa Maynila hanggang PhilRice,
40 masasabing sulit pa rin ang pagbisita sa *FutureRice*. Ilan sa mga *adventure*



PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION

41 na pwedeng gawin sa bukirin ay pagtatanim, pag-aani, at ilang *recreational*
42 *activities* tulad ng pamamangka, pangingisda, at *kayaking*.
43

44 Para sa mga interesadong puntahan ang *FutureRice site*, kontakin ang
45 *PhilRice Visitors and Conference Services Office (VCSO)* bilang (044) 456-
46 0258 local 526/527 o mag-email sa prri.mail@philrice.gov.ph.

47

Clean, Green, Practical, and Smart Rice Farming Systems for Competitiveness, Sustainability, and Resilience (Clean GPS for CSR)



PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | Email: prri.mail@philrice.gov.ph
| Trunkline: (044) 456-0277 | Telefax: (044) 456-0112, 0648 | PhilRice Text Center: +63 920-911-1398 | Website: www.philrice.gov.ph
| www.pinoyrkb.com | Liaison Office: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | Tel: (02) 920-5129 | Mobile: 0920-906-9052

